# METRO GWAPO – 3rd prize – Maikling Kuwento - 2011

## I. SA MAY BATASAN, KUNG SAAN IISA ANG TUNOG NG WANG-WANG PARA SA NAGMAMADALING CONGRESSMAN, AT WANG-WANG PARA SA NA-HIT AND RUN

*Alam mo ‘yung natulog ka pero puyat ka pa rin? ‘Yung paggising mo e pinagpapawisan ka ng todo, na parang may ginawa kang mabigat, pero nakahilata ka lang naman. E ‘yung matagal ka nang nakadilat pero hindi ka pa rin bumabangon? Hinahayaan mo lang lumipad ang utak mo sa kung saan-saan, o kaya naman ay hinahabol mo pa ang ending ng nabitin mong panaginip. Parang may gusto kang gawin, nakikita mo siyang nangyayari sa isip mo, pero hindi sumusunod ang katawan mo. Tapos, sa kaiisip mo, aantukin ka ulit, makakatulog ka ulit. Hanggang ‘di mo na namalayang gabi na pala. Saka ka gigising. D’un ka pa lang tatayo. E pa’no yan, gabi na ulit, matutulog ka pa rin ba?*

*Pero ang bad trip dito, hindi mo na alam kung ano ang pagkakaiba ng gumising ka at ‘yung nananaginip ka lang. Kung ano ang hindi mo nagawa ng gising, ginagawa mo sa panaginip. Kung ano ang kulang sa panaginip mo, pilit mong inaabot kapag gising.*

Pinansin na ng nanay ko ang mga eyebags ko. Bakit daw kasi hindi ako matulog ng maayos. Sagot ko, natutulog naman ako a. Lampas-lampas pa nga sa recommended na eight hours. Tingnan mo: hihiga ako ng alas dos, magpapaikot-ikot sa kama. Mag-iisip ng nangyari ngayong araw. Wala. Mag-iisip ng gagawin bukas. Wala. Titingin sa itaas, sa butas-butas naming

kisame, mag-iisip kung saan ako kukuha ng perang pampagawa (dalawang beses na, may nakita akong malaking daga na nakadungaw, pinapanood lang akong matulog). Wala rin. Sisilip sa bintana, titingnan kung meron nang katawang nakahandusay sa may eskinita, isang tambay o dayo na sinaksak dahil nagka-onsehan na naman sa shabu. Wala. Mamaya pa siguro.

Kakalikutin ang cellphone, maghihintay ng text ni Karen. Wala rin.

Saka ko ire-rewind sa utak ang huli kong napanood sa tv.

> *'Yung mga artistang babae sa Bubble Gang, pag nagsama-sama sila sa isang joke, hindi pala talaga kasya sa tv yung mga boobs nila. Grabe.*

Saka ako magba-bate. Mga bandang alas-kwatro na 'to.

Ala-una na ang gising ko. Sina Wally at Jose ang alarm clock ko. 'Pag narinig kong may umiiyak na babae na galing pa ng Romblon pero pinilit makapunta ng studio, o isang bisakol na nagkukuwento ng trabaho niya sa pabrika ng tokwa bago tumaktak o pumili ng bayong, naaalimpungatan na ako. Tatayo na ako kapag gumigiling na si EB Babe Zaida. Sasabayan ko siya ng kain.

Kitams? Lampas 8 hours pa nga. Healthy na 'yan.

Tangina, kailangan ko na talagang maghanap ng trabaho.

**II. KUNG BAKIT MAS MAHIGPIT ANG MGA GUWARDIYA SA GATEWAY KESA SA FARMER'S**

Paalam ko kay nanay, hiramin ko muna itong pambayad sa Meralco. Pang-date muna namin ni Karen. Matagal-tagal na rin kasi kaming hindi lumalabas. Sobrang hectic daw ng sked niya sa call center, shifting hours pa. Kaya talagang pinaghandaan ko ang araw na ito para lang sa amin.

Sa mall na lang daw kami magkita, para hindi na ako ma-hassle pang sunduin siya sa Makati. Para makabawi, sabi ko ako na sa tickets. Dahil gusto kong magpa-impress, nasaid halos ang limandaan ko. 'Pag nagpabili pa si Karen ng jumbo popcorn, baka kulangin pa ang pamasahe ko pauwi.

Naglakad-lakad muna ako. Pasok ako sa book store. Nadako ang tingin ko sa cover ng isang men's magazine. Yung dating child star pala ang cover girl this month. Naka-pulang bikini lang siya, kapus-palad sa pagsapo ang maliit niyang kamay sa biglang-lusog niyang boobs, kagat-kagat niya ang kanyang labing kinulayan ng violet, at nakapaligid sa kanya ang digital na apoy. Ang bilis ng panahon, dati pinapanood ko pa 'to sa commercial na umiinom ng gatas. Ngayon, napunta yata lahat ng gatas sa dibdib niya.

*Kelan kaya lalabas si Serena Dalrymple?*

Saka ko napansin ko na kanina pa nakasunod sa akin 'tong isang attendant. Bawat aisle na likuan ko, buntot agad siya. Akala 'ata nito, pipitik ako ng libro. Tangina sa'n ko itatago? Bitin

na nga itong maong kong galing ukay, magsisiksik pa ba ako ng kwadradong bagay dito? Bad trip lang talaga.

Pero alam ko na ang diskarte dito.

“Miss, sa’n dito yung mga Paolo Coelho nyo? At tsaka yung ‘Rich Dad, Poor Dad’? Thank you.” Talikod agad si Miss. ‘Di ko pa nababasa ang mga sinabi ko, at wala rin akong balak. ‘Yung huling librong sinabi ko, narinig ko lang na pinag-uusapan dati ng dalawang lalaking naka-fit na long-sleeves at parehong umaalingasaw sa magkapareho nilang pabango, na kung gusto mo raw yumaman, basahin mo raw ‘yun.

‘Di ko na hinintay si miss attendant, nang huli ko siyang tingnan, hindi pa siya tapos magpatulong sa mga kasamahan niya. Lalabas na sana ako nang harangin ako ng security guard. “Ser, teka lang,” sabay lagay ng kamay sa tagiliran ko. Walang nakapa kundi mga kwerdas ko sa tagiliran. Ni hindi umumbok ang wallet kong walang laman kundi mga pasong resibo ng paso ko na ring ATM.

> *Si Ma’am Valued Customer na naka-Gucci bag, at ang kolehiyala niyang anak na naka-Havaianas at naka-pekpek shorts, hindi kinakapkapan. Babati pa ang guard ng pagkatamis-tamis na “Good evening madam, ok na po ‘yan, pwede nang dalhin.” Hindi sila susundan ni miss attendant, kahit guluhin pa nila ang ayos ng mga libro.*

Matapos akong tsansingan, nag-thank you si manong guard nang hindi tumitingin sa mata ko. Tangina. Kung meron lang free item tuwing nagkakamali ng hinala sa akin sa mall, ang dami ko na sigurong libro, t-shirt, at pantalon ngayon.

Nag-text si Karen. Malapit na raw siya, sa lobby ng sinehan na raw kami magkita. Pero bago ako makasakay ng escalator, dadaanan ko mna ang isang batalyon ng mga ahente ng condominium na hindi pa tapos. Nagpapamudmod ng brochures.

> *Hindi lahat binibigyan ng brochure. Kapag nakita kang naka-polo, naka-long sleeves, kahit ano basta may kwelyo, bibigyan ka. Kung naka-tshirt ka lang, shorts o tastas na maong, yung tipong sa tindahan lang sa may kanto ang punta mo, hangin ka sa kanila. Alam na alam din nila kung OFW ka. Pero madalas, depende yan sa dala-dala mo. Kapag nakita kang nagte-text o tumatawag sa Blackberry, o basta touchscreen, may brochure ka. 'Wag ka nang umasa sa 3310 mo.*

Dumaan ako sa gitna nila. Hindi ako pinansin. Ok lang, sanay na ako. Tangina nilang lahat, 'di rin naman nila kayang bilhin 'yung binebenta nila. Amanos lang.

CR muna ako. Habang umiihi, nakatitig lang ako sa high-tech na flush, 'yung pulang ilaw na nagsasabing may umiihi dito, okupado ito, 'wag kang epal at 'wag kang makasilip-silip. Matagal ko nang gustong testingin kung masama rin ito sa mata gaya ng laser, pero saka na lang, 'pag wala nang gaanong tao. 'Di gaya ngayon, parang may party dito. Pagkatapos kong magpagpag, hugas agad ako ng kamay, sabay labas.

*Nandito kasi 'yung mga lalaking hindi matapos-tapos sa kaaayos ng naka-wax nilang buhok, ng kaiikot at kaka-tuck in ng slim-fit nilang polo shirt na nakataas ang kwelyo. Pero hindi ang mga mukha nila ang tinitingnan nila sa salamin, kundi ang isa't isa. Naghahanap ng makakasalubungan ng tingin. Naghahanap ng mga matagal ding manalamin. Naghahanap ng maipapagpag.*

Sampung minuto nang tumatakbo ang pelikula nang makapasok kami. Bumili pa kasi si Karen ng mocha frap. Buti nga hindi na naghanap ng jumbo popcorn. Kaya lang, hindi ko na nalaman kung bakit nag-iisa na lang sa mundo si Will Smith. Kung pa'no nangyaring wala nang tao maliban sa kanya at sa aso niya. Sasabihin ko sana kay Karen yung naisip kong sagot, kaso siguradong sisitahin ako nito. Nasabihan na ako dati na mag-concentrate kapag nanonood kami ng sine—bawal magsalita, bawal bumulong, bawal humalik, at lalong bawal manghipo. E gusto ko lang naman magpa-cute kaya naisip ko 'tong kakornihang ito: kaya wala nang tao sa mundo, meron kasing Global Taguan Day, at si Will Smith ang taya. Kailangan niyang hanapin ang mga tao, dahil kung hindi, balagoong siya habambuhay. 'Yung aso niya, saling-aso lang 'yun. *Saling dog-dog.* Gets?

*'Pag Mahal na Araw, lahat nagkukumahog lumabas ng Maynila. Boracay, Galera, Batangas, Baguio, kahit saan pa 'yan, gagawa at gagawa sila ng paraan, maglalabas at maglalabas sila ng pera, masabi lang na wala sila dito. E ako, walang probinsya, at wala lalong pera. Kaya 'pag ganitong panahon, kahit tambay lang ako sa bahay, pakiramdam ko ako ang hari ng Maynila. Akin ang mga maluluwag na kalsada, akin*

*ang tahimik na flyover, akin pati ang araw sa tanghali na kayang sumunog ng bahay. Akin ang mga saradong malls, akin ang mga condominiums at subdivisions na walang laman. Akin lahat 'yan. Akin ang buong Maynila.*

"Dude, that last line is so fucking lame."

"I think it's ok lang, k'se the scene before that, he was still talking to the girl, right?"

"Yeah, but dude, it's implied naman na e. It's like, redundant na."

Habang pinapatay ni Will Smith ang aso niya, hindi ako matuloy-tuloy sa pag-iyak dahil may nagaganap na palang film review sa likod namin, hatid ng dalawang lalaki at isang singkit na babaeng nasa gitna nila.

"Ohmygod, tell me he didn't kill his dog…I don't want to look!"

"Yup…strangling…strangling still…aaaaand the dog's dead."

"Ay fuck, I dropped my Iphone! It's under your seat!"

Dahil madilim sa sine, mukhang hindi makukuha sa tingin 'tong mga 'to, at malamang hindi rin sila madadaan sa pakiusap. Kung wala ibang umaangal, ako pa kaya?

Kaya kung ako si Will Smith, ‘di ko na pag-aaksyahan ng panahon maghanap ng mga tao.  Kahit ‘wag na silang bumalik.  At ‘wag na rin silang magpakita kahit kailan.

Panonoorin ko na lang ulit ‘to sa pirated, balita ko iba ang ending doon.

**III. KUNG BAKIT WALANG VALUE MEAL SA G5**

Matagal ko nang hindi nasusundo si Karen, mula nang pagbawalan n’ya ‘ko.  Para hindi na raw ako mahirapan, at menos gastos na rin, wala pa naman daw akong trabaho.  E wala ring magawa sa bahay, kaya naisip kong sorpresahin siya.  Umalis ako ng maaga para may oras pang bumiyahe.  Isang bus lang ang sinakyan ko, at nilakad ko na lang ang dapat ay dalawa pang sakay ng dyip para makarating sa office niya.

Tumambad sa akin ang mga giant tarpaulins ng kumpanya ni Karen sa visitors’ lounge.  ARE YOU ONE OF US?  EXPERIENCE THE DIFFERENCE!  JOIN NOW AND GET A SIGNING BONUS!  ENGLISH ONLY BEYOND THIS POINT.  Kaya siguro ako hinarang bigla ng guard, at pinaupo na lang ako ni manong sa sofa sa may lobby, na sa sobrang lambot, nangangain na ng pwet.

Habang tahimik akong nagko-compute sa utak kung magkano ang iipunin ko para mabili ang isang bagong cellphone at isang netbook na featured sa binabasa kong techie magazine, lumabas na si Karen.  Masayang nagpaalam sa mga ka-opisina niya at kay manong guard.  Take care mam, ingat kayo, may reply ulit agad si manong.  Pero sa tono ng pananalita niya at sa tingin niya sa akin, parang sa akin pa ‘ata pinag-iingat ang syota ko.

“Ba’t nandito ka?”

Mas nagulat ako sa tanong ni Karen kaysa sa pagkakagulat niya sa pagsundo ko sa kanya. Sabi ko gusto ko lang siyang makita, hindi na ba siya pwedeng sorpresahin paminsan-minsan? Ano pa bang ibang dahilan? Na gusto kong makita ng mga ka-opisina mo na syota mo ako? Na gusto kong bakuran ka? At gusto kong maka-iskor ngayong gabi, pwede ba? Syempre hindi ko sinabi ‘yun, kaya bagsak ako sa “gusto lang kita makita”. Kaso hindi na yata bumenta, bigla kasing umasim ang mukha ni Karen habang tumatawid kami ng H.V. De la Costa.

Baka meron siya. O baka hassle sa opisina, baka tambak ng trabaho. Big-time kasi ‘tong girlfriend ko e. Isa ‘yun sa nagustuhan ko sa kanya, may pagka-ambitious pero nasa lugar. Tama naman talaga sa tao ang may ambisyon sa buhay. Pero biniro ko siya minsan, sige pataasan tayo ng pangarap, pa’no kung magka-entangan tayo sa ere? Hindi niya yata nakuha ‘yung joke, bigla na lang akong inirapan. Pero totoong lie-low muna ako. Nag-iipon lang ako ng bwelo, sabi ko sa kanya, aangat din ako. Malapit na.

Nagyaya akong kumain, tutal wala pa kaming pag-asang makasakay ng MRT ngayong rush hour. Sabi ko food court kami. Ayaw. Patay. Tama lang ‘tong pera ko para sa dalawang value meal. O kaya ‘yung 1 ulam plus 1 rice and iced tea, with free soup. Kapag swerte, aabutan pa namin yung 20 percent off before closing.

Tinanong ko kung may problema ba.  Wala raw.  May nagawa ba ‘ko, may hindi ba ako nagawa? Wala rin daw.  Pagod lang daw siya, ihatid ko na lang daw siya sa sakayan.  Tinanong ko ulit kung hindi ba talaga siya nagugutom, uuwi na lang daw siya.  ‘Wag ko na rin daw siyang ihatid sa kanila sa Las Piñas.

Pagdating namin sa terminal ng FX, ang haba pa ng pila.  Wala kaming imikan.  Ayoko nang magtanong.  Ayoko na ring mag-sorry ng hindi ko alam kung para saan.  Hindi ko na rin kasi alam kung anong sasabihin ko.  Naghalo na ang gutom at banas.  Pero tangina, kung may kotse lang ako, pustahan tayo bati na kami nito kanina pa.

> *Laking tulong kasi ng kotse ‘pag may tampuhan kayo ng girlfriend mo.  Pwede n’yong pag-usapan sa loob kung anuman ang ipinaghihimutok nya:  kesyo hindi kayo nakapag-G5 dahil puno na ang parking, o may nag-text sa kanya na nakita kang gumigimik sa isang club sa may Eastwood, grinding with some other girl/some other girls/someone else’s girl.  At dahil umaandar kayo, hindi siya pwedeng bumaba ng basta-basta, kaya mas madaling amu-amuin.  Pero ang pinakamaganda d’yan, mas malaki ang tsansang mag-totnakan kayo sa loob ‘pag bati na kayo.  Sarap talaga ng may kotse.*

Nang makasakay na si Karen, ni hindi man lang ako tiningnan sa may bintana.  Kahit hindi ako sigurado kung naririnig niya, sinabi ko pa rin na i-text n’ya ko pag-uwi, sabay I love you.

Hindi ko na talaga kinaya.  Pag-alis ng FX, bumili agad ako ng kwek-kwek sa kanto.

## IV. KUNG BAKIT WALANG MAPAGBILHAN NG E-LOAD SA SERENDRA

Linggo, pero may pasok pa rin si Karen. Tinext ko siya, sabi ko simba kami, o pwede ring hindi, bahala siya. Textback niya, magkita na lang daw kami sa may Serendra. "Oplan Bati Na Tayo" kasi ako ngayon. Kahit saan niya gustong magpunta, sige lang, ok lang. Kahit mamayang gabi pa kami magkita, maghihintay ako, walang problema sa akin. Lakad lang ang sagot dyan. Marami ako n'yan sa paa. Maglilibot lang ako sa mall para mag-ubos ng oras. Kaya nga may mall e, para paglibutan ng mga naghihintay sa mga syota nila.

Kapag maayos kami ni Karen, lahat maayos din sa mundo ko. Para nga siyang shabu na inilalako sa eskinita namin. Pero imbes na gumastos ako sa tsongki at bato tulad ng tropa ko sa amin, girlfriend ko ang droga ko. Kumo-konsumo ako ng pag-ibig. Humihithit ako ng kilig. Bangag ako 'pag in love. Pareho din naman kasi ng epekto. Upper: nagagawa nitong pakilusin ako, patayuin mula sa pagkakapako sa kama, paliguin mula sa panggigitata, at pangarapin mula sa pagkakatanga. Downer: nakakalimutan kong mas marami pa akong dapat asikasuhin sa buhay, dahil lutang lang ang isip ko 'pag kasama ko si Karen. Hallucinatory: may mahal ako, may nagmamahal sa akin, may syota ako. 'Yun na 'yun. 'Yun na ako. 'Yun na ang estado ko sa buhay. Hindi ako urban-poor, hindi ako iskwater, hindi ako out-of-school-youth, hindi ako unemployed. Hindi ako kung anuman ang hindi ko maabot ngayon.

Pero sa isang relasyong sineseryoso, sa pagitan ng halikan at lampungan, siguradong pupunta at pupunta ang usapan tungkol sa future. Saan kayo titira, ilang anak, anong trabaho, anong kotse, saang eskwelahan papasok si Junior. The whole fucking package. The whole fucking plan, man. At 'yan ang sunod-sunod na isinasampal sa akin ng mga higanteng billboards dito sa EDSA:

*YOUR SUCCESS BEGINS HERE.  EXPERIENCE THE GOOD LIFE WITH US.  LUXURY IN A COMMUNITY, IT'S ALL YOURS.  CONGRATULATIONS, YOU HAVE ARRIVED.*

Pero hindi sa pinangingilagan ko ang mga ito.  Habang nand'yan si Karen, naniniwala akong maaabot ko rin 'yang mga 'yan, magiging ganyan din ako.  Siguro nga, ginagawa ko siyang simbolo ng mga gusto kong marating sa buhay.  Kailangan ko siya para sipagin akong maghangad ng mga magagandang bagay at pangarap.  Dahil kung sa sarili ko lang, parang hindi ko makita ang dahilan kung bakit ko gugustuhin ang buhay na ibinebenta ng mga billboards na ito.

Naka-dalawang sakay pa ako bago ako nakapasok ng The Fort.  Nawala sa isip ko na katakot-takot na lakad ang gagawin ko, dahil hindi talaga ako naging pamilyar sa lugar na ito.  Parang bawal na yatang gumamit ng paa ang mga tao dito.  Maliban na lang kapag may marathon, na sinasalihan din ng mga de-kotse.

Hindi ko pa alam kung saan magsisimulang maglakad, may nag-text na agad sa akin.
<wer u na? m hir na sbux>

Tangina, saang Starbucks?!

Hindi ko alam kung aling branch ang tinutukoy ni Karen, at kung pa'no ko itatanong sa kanya nang hindi na naman siya naba-bad trip.  Dagdagan ko kaya ng smiley ang text ko?

Pero mahal lang talaga ako ni Lord.

<check operator services>

Sinabayan ko na ng lakad ang pagpindot sa keypad, baka sakaling may naipit na free text. Iikutin ko na lang lahat ng gilingan ng kape dito. Ang mahalaga, nandito na ako.

Maya-maya pa, tumawag na si Karen.

Japeyks ang baterya ng cellphone ko. Hindi rin ako nakapag-charge sa japeyks na charger naming sa bahay. Pero hindi yan ang dahilan kung bakit ako namatayan ng telepono. Ang mga pampadugong tanong na “San ka na?” at yung pamatay na “Kanina pa ako dito a.” ‘Yan ang mga suspek. Telepono ko na ang nag-suicide para sa akin. Nakasagot pa naman ako, hindi ko lang alam kung alin sa A-E-I-O-U ang nasabi ko.

Gusto ko nang manghiram ng telepono para makitawag, pero alangan ako nang biglang pumasok sa utak ko ‘yung nakita kong malaking marker sa isang subdivision, na parang nangongonsensya bago ka pumasok sa teritoryo nila. Ewan ko ba, tumatak na siya sa isip ko at nagagamit ko na rin sa pang-araw-araw.

1. Is it the truth? - Totoo bang wala nang charge ang cellphone ko? Totoo bang emergency ang dahilan ng pagtawag ko?

2. Is it fair to all concerned? – Fair ba sa kanila na hiramin ko ang cellphone nila? Baka naman may hinihintay silang text, o tweet. Concerned nga ba naman sila sa problema ko?

3. Will it build goodwill and better friendships? – Makikipag-kaibigan ba sila sa akin pag nilapitan ko sila? I-confirm kaya nila ako sa Facebook? I-follow kaya nila ako sa Twitter? At ita-tag ba nila ang isang nanlilimahid na lalaking naka-kulay gray na t-shirt, at kita ang namamawis na leeg at kili-kili, na naliligaw sa The Fort? Eww.

4. Will it be beneficial to all concerned? – E kung umaalis na lang kaya ako dito, mukhang beneficial pa sa kanila, at mabibigyan ko pa sila ng peace and goodwill. Para lang akong langaw na dumapo sa ostiya ng pari. Gusto kong bugawin ang sarili ko sa hiya.

Takbo pa rin ako, buti na lang wala pang pumipitong security guard, hindi pa ako napapagkamalang snatcher, kidnapper, o pinakamalala, undesirable alien. Buti na lang din hindi ako hinahabol ng mga chihuahang ipinapasyal at pinapatae dito. Masyado silang busy magpasaya ng mga amo nila.

Naaninag ko na rin sa wakas ang bulaklaking white ponytail ni Karen. Nasa loob na siya ng coffee shop, suot ang office team jacket niya at tahimik na nagbabasa ng mga women’s magazines. Kung banas man siya, hindi ko halata, dahil ‘yun at ‘yun na lang din ang nakikita ko sa mukha niya nitong mga nakaraang linggo.

Naghahabol pa ako ng hininga nang pumasok ako sa loob.  Tumutusok sa balat ang lamig ng aircon, parang nananaboy sa mga pawisin at amoy-pawis.  Pero hindi ko pa rin nakakalimutan ang Oplan, kaya pumila na ako sa counter.

> *Isang malaking misteryo sa buhay ang kailangan ko lang malaman ang sagot, pwede na siguro akong mamatay:  required ba talagang mag-English kapag oorder ng kape?*

"Hi, can I have a Venti White chocolate mocha frappuccino light blended coffee beverage with non-fat milk and half a shot of espresso decaf with a shot of vanilla and whipped cream…For here…Yah, that's all."

> *Tangina, mas mabilis pang manghingi ng kape sa lamay ng patay.*

Dahan-dahan akong lumapit kay Karen, sabay tulak ng marahan sa frap sa harapan niya.  Saka abot ng ga-dangkal na tissue.  Isang manipis na ngiti lang ang hinihintay ko, ayos na ako.

Mukhang wala.  Baka mamaya.

Pag naubos na niya ang Venti.

**V.  KUNG BAKIT MARAMING UMAAKYAT SA MGA BILLBOARD SA EDSA**

Susundo ulit ako kay Karen.  Gusto ko sanang manood kami ng sine, nabigyan kasi ako ng passes ng kababata kong usher sa sinehan.  Sayang naman, hindi na kasi makapanood si Nanay.

Hindi ko pa napapalitan ‘yung basag niyang salamin.  Tsaka naisip kong baka paborito ni Karen si John Lloyd, pambawi rin ito sa lahat ng atraso ko sa kanya.

Tatlong building na lang ang layo ko sa opisina niya nang may nag-text.  Medyo mahaba-haba kaya by installment ang dating sa akin ng message.

<…sori f d2 q na lng cnaB i2.  I rili hope u undrstnd…m*some text missing*>

Pagdating ko sa lobby, sinabi ni manong guard na nauna na si Karen.  Wala nang tsek-tsek sa loob kung nandu’n pa nga.  Hindi na rin ako pinaupo sa malambot na sofa.

“Sinundo sila ng kotse.  Kasama ‘yung buong team nila.  Magta-Tagaytay daw sila.”

Hindi pa ako nakakalabas ng pintuan nang lakasan ni manong guard ang radyo niya, at sumabay pa sa kanta.  Di Ko Kayang Tanggapin ni April Boy.  May pataas-taas pa ng kamay si gago.

Mabigat sa paa ang mga nababasa kong text.  Habang labas-masok ako sa dikit-dikit na malls para lang makalusot ng Edsa, unti-unti na ring nag-iiba ang pakiramdam ko habang naglalakad. Pakiramdam ko na huling lakad-sakay-takbo-tawid-hinto-ikot ko na ito sa bwisit na lugar na ‘to. Huling langhap ng malakas at amoy insensong aircon.  Huling akyat ng footbridge, huling sakay ng escalator, huling pasok sa mga automatic sliding doors.  Huling kapkap ng mga gwardya. Huling pakikipagsabayan sa mga pumapasok dito na parang mga langgam.  Pare-parehong nagmamadali, pare-parehong suot, pare-parehong trabaho, pare-parehong pangarap, pare-parehong buhay.

<…icp q rn dat wer betr off w/o each odr…xenxa kn ha. tnx 4 d mmrs, il n*some text missing*>

Sa may Santolan na ako sumakay ng bus.  Hangga't hindi ko nakukuha ang buong text ni Karen, tuloy lang ako sa paglakad.

**VI. KUNG BAKIT WALANG EMO SA SQUATTER.**

<…c Kyle, TL ko s ofc.he's nice nmn, n he k*some text missing*>

Nakahiga na ako nang makuha ko ang huling parte ng text ni Karen .  Dahil wala akong alam, mas mabuti sigurong wala na rin akong pakialam.  Para wala na rin akong maramdaman. Isinama ko na sa makapal at maitim na usok ng bus kanina kung anuman ang pwede ko pang isipin tungkol sa kanya, at sa aming dalawa.  May sumusundot sa dibdib ko na parang planado na itong lahat.  Parang kasado na.  Ako na lang pala ang hinihintay bumuwelo.

Sa bawat unat ko dito sa kama ko, kasamang humuhulagpos sa buto ko ang dalawang taon ng buhay ko, kung ano at sino ako noong kami pa ni Karen.  Dito sa kwarto ko, dito sa dilim, dito sa teritoryo ko, dito sa kaharian ko, walang nawala at walang nadagdag sa akin.  Walang kakanti at makakagalaw sa akin.  Walang nagbago sa buhay ko.  At wala na rin akong inaasahang magbabago pa.

> *'Pag nag-sex kaya sila, siguro straight and fluent English ang mga ungol at halinghing nila.*

*Pakshet.*

**VII. KUNG KAILAN MAGANDANG MAG-BORA**

Dalawang linggo na mula nang nakipag-break sa akin si Karen. Dalawang linggo na rin akong nakakatulog nang mahimbing. Hindi na ako paikot-ikot sa kama, mabilis na akong pumikit. Pero parang wala na rin akong napapanaginipan. Sabi ni Freud, takot at frustrations ang karaniwang pumapasok sa panaginip. Malabong wala na akong frustrations, para mo na ring sinabing hindi ako kumakain ng kanin. Siguro nga wala na akong kinatatakutan. Pero ang masama du'n, nakakatakot din pala ang wala nang kinatatakutan.

Tinawagan ako ng isang kumpanya matapos akong mag-email ng resume sa kanila. Kelan daw ako available for an interview. Sabi ko anytime ma'am. Pinapunta ako ng Martes, 9am. Sharp.

Araw ng interview. Nagising ako ng tama, bumangon ng tama, nagbihis ng tama, pero hindi ko alam kung tama itong ginagawa ko. Inahit ko ang mahaba-haba ko na ring balbas, at pilit na pinasunod ang bagong-tasa kong buhok sa hagod ng suklay na may gel. Sinuot ko ang nag-iisa kong blue long-sleeves matagal nang nakatago sa aparador. Turo ni Karen, blue represents honesty, trustworthiness, and class. Nilabas ko rin ulit sa wakas ang balat kong sapatos, na huli kong ginamit sa kasal ng dati kong kaklase na nakabuntis ng chatmate sa internet. Iwinisik ko na rin hanggang maubos ang natitira kong pabangong Bench, regalo pa 'to ni Karen noong monthsary namin. At para hindi pagpawisan, nag-FX at nag-aircon bus na ako. 37$^{th}$ floor pa ang pupuntahan ko. Bawal maglakad, at bawal magpawis.

Sa loob ng elevator, kasabayan ko ang mga gaya kong aplikante, bitbit ang resume, ipit-ipit ang kabuuan ng pagkatao sa isa o dalawang piraso ng bond paper, yung iba tatlo, yung mga epal lima.  Siksikan kami kasama ng mga empleyadong handa nang makipag-girian ngayong araw, hawak ang mga iced latte at espresso nila.  Nalanghap ko na ang pinaghalo-halong Cool Waters, Burberry, CK One, Hugo Boss, Lacoste, TommyGirl at Armani.  Narinig ko na lahat ng ringtones mula kay Lady Gaga hanggang excuse me boss, you have a text message.  Habang nasa loob kami ng elevator, para kaming mga torong pakakawalan, at naghihintay lang na iangat ang harang.  Parang kaming mga sundalong sasabak sa giyera.  Dahil pagbukas na pagbukas ng bakal na pintuan, ratratan na ng beso-beso, ng hi hello how are you na, do you work here in this building din ba, have you been promoted na, let's have lunch later ok.  Digmaan ng pakikipag-plastikan at brasuhan para sa posisyon.  Kagatan, tapakan, at duraan.  Pero kailangan mong gawin ang lahat ng 'yan with a smile.

Marami kaming nag-apply at tinawagan at pinapunta.  Maayos kaming pinaupo sa may holding area, may libre pang kape, juice at kendi sa lamesa.  Kahit hindi kami magkakakilala, nag-uusap pa rin kami.  Pampatanggal siguro ng kaba.  Pampalipas ng oras.  May ibang gusto lang magyabang.  Gusto lang magkwento ng mga qualifications niya.  Gusto lang manindak.  Gagawin kang praktisan ng English.  Tatanungin kung saan ka nag-aral.  Sinusukat kung mas matalino ka ba sa kanya o mas bobo.  'Yung iba naman nagpapalitan na ng number.  Baka nga naman matanggap sila pareho, at least magkakilala na sila.

Sa ganyang style ko rin nakilala si Karen.  Sabay kaming nag-a-apply noon.  Konting usap habang nakapila.  Konting patawa para hindi kabahan.  Saka ko hiningi ang number niya, sabi ko

para pag natanggap kami pareho, at least magkakilala na kami.  Sabay nga kaming natanggap, pero hanggang neutralization of accent lang ako, hindi ko natapos ang training module.  Hindi ko kasi maisip ang sarili kong nakaupo, nagpupuyat at nakikipag-usap sa isang matandang Amerikanong hindi marunong mag-computer.  Habang si Karen, tuloy-tuloy hanggang signing of contract.  Tuloy-tuloy hanggang regularization.

Anyway, so ‘yun nga, ininterview na ‘ko.  Tapos pinag-exam.  Kailangan ko pa bang ikwento kung anong nangyari?  Gusto mo talagang malaman?

Nakapasa ako.  Tanggap agad ako sa trabaho.  Straight and fluent English sa interview, high score pa ako sa exam.  Matagal ko na namang alam na kaya ko e.  Mani lang sa akin ‘to.  Pero bakit ko nga ginalingan ‘kamo?  Eto, makinig kang mabuti.

> *Because I want to be like you.  I've been putting it off for the longest time now, but I'm gonna be like you, dude.  I have the skills, I have the talent, I have whatever it takes to be just like you.  In a few month's time, you'll see the changes, man.  It'll be like as if you never knew who I was before.  I'm gonna be the toast of the town, the crème de la crème of this city, the pride of our generation, pare.*

> *Nakikini-kinita ko na, dude.  Hindi na ako kakapkapan ng gwardya.  Pagkakaguluhan na ako ng mga ahente ng condominium.  Padadalhan pa ako ng invitation letter para sa credit card.  Tatambay ako sa mga coffee shops at magwa-wi-fi buong araw.  Makikipagkilala ako sa mga chicks na naka-pekpek shorts.  Magsasawa ako sa katitingin*

*sa mga legs nila, at sa mga nakakasilaw nilang braces. Syosyotain ko sila. Pag nakipag-break, ok lang. I don't mind. On to the next one, dude.*

*Livin' the life 'pre! Condo unit with a view. Bora getaway every Holy Week and New Year. Gym membership. That nice car, with the astig rims and the booming set-up inside. Friday night gimik, Saturday night clubbing. Wherever you want bro, Morato, Makati, Libis, The Fort, just tell me.*

*I'm gonna be like you, man. It's gonna be a lot of fun. Just wait for me, dude. I'm gonna rock your world.*

## VIII. KUNG PAANO MAG-APPLY NG PERSONALIZED PLATE NUMBER PARA SA KOTSE

Biyernes. Patapos na ang unang buwan ko sa trabaho. Out na 'ko dapat ng 8AM, pero double shift ako, kaya ngayong alas-kwatro pa lang ako lalabas ng opisina. Puno na ang kalsada ng mga empleyado. Mga langgam na atat mag-mall, mag-shopping, o gumimik. Tuloy-tuloy lang ang lakad nila, tuloy-tuloy lang din sa kwentuhan. Pataasan ng quota. Palakihan ng commission. Pagalingan ng team. Sa'n magandang mag-out-of-town, anong magandang gawin this weekend.

Ang kaibahan nga lang ngayon, sumasabay na ako sa kanila. Hindi ko na sila sinasalubong, hindi ko na sila sinasalungat. Kahit maalinsangan, hindi na ako pinagpapawisan sa suot kong semi-fit pinstripe AX polo. Masarap din sa paa ang Kenneth Cole. 'Di bale nang mapagod

maglakad, inuman naman ang pupuntahan ko d’yan lang sa malapit na bar.  Wala pa akong tulog, pero bawal umiwas sa gimik.

*I told you, I’m one of you now.*

Ninanamnam ko ang pakiramdam ko habang naglalakad sa Ayala.  Kasama na nila ako.  Pasok na ako sa kanila.  Kasali na ako sa Global Taguan Day.  Hindi mangyayari sa akin ang nangyari kay Wil---

*‘Pag nabundol ka pala, at sabihin nating swerteng nabuhay ka pa, kung ano ang huling nasa utak mo, pilit mo pala itong hinahabol, pipilitin mong isipin ulit kung anuman ito. Pero pipigilan ka ng mararamdaman mong sakit.  At ng pagkabigla.  Pagkabigla hindi sa pagkakabundol mo, kundi sa ideya na nangyari ang isang insidente na hindi mo aakalaing mangyayari sa iyo.*

Ayun, naalala ko na.  Nagtataka ako kung bakit kulang ng isang number ang plaka nitong paparating na itim na Ford Expedition.  DEN 88.  Ini-imagine ko kung paano rin ako makakakuha ng personalized plate number.  Nilalasap ko pa ang pangarap na makapag-apply ng ganung plaka, kasama na syempre yung mismong sasakyan.  Masarap ikabit ‘yan sa bagong Civic, Vios, CR-V, o kaya Fortuner.  O ito mismong Expedition na Eddie Bauer Limited Edition, bago ako nito sinalubong at sinadsad ng limang metro mula sa kinatatayuan ko.  Sa ga-hiblang segundong humampas ang mukha ko sa bumper, naaninag ko pa ang PNP ID na nakasabit sa

rearview mirror.  Sa bandang kanan ng windshield ay may homeowner's sticker ng isang exclusive subdivision, sa kaliwa naman ay parking sticker ng isang exclusive school.

> *"1" sa Presidente, "8" ang sa congressman.  Pwede ring anak ng congressman.  O kakilala ng congressman.  'Pag negosyante ang may-ari, lucky number ang pinipili, lalo na 'pag Chinese.   Pwede ring kumbinasyon, o letrang paulit-ulit, o initials ng pangalan: AAB 111, UUY 168, XLX 707, GEN 555.  Meron ding mga plakang nagsasabi kung sino ang nasa loob ng sasakyan:  PMAer, PPSA, LAWYER, CPA, MAYOR.  'Pag meron ka nito, iilagan ka na ng MMDA at pulis.  May escort ka na, may kasama pang wang-wang. 'Pag ganito kasi ang plaka mo, ibig sabihin importante kang tao.  Ginto ang oras mo. Hindi ka pwedeng istorbohin.  Hindi ka pwedeng pahintuin.  Hindi ka pwedeng hulihin.*

Bumaba ang drayber ng Expedition, naka-shades pa si manong at naka-light blue na polo barong. Panay ang iling at senyas ng pasensya na sa mga naabalang sasakyan sa likod.  Bumaba na rin ang pasahero niya.  Mestisa, patpatin at mukhang white lady sa puti, maliban sa ternong pulang labi at mga kuko.  Bata lang siya ng ilang taon kay nanay.  O kasing-tanda na rin siya ni nanay, baka nagpa-Belo kaya ganun pa rin itsura niya.  Hinalukay niya agad ang kanyang cellphone mula sa handbag niyang Louis Vuitton.  May tinatawagan siya.  Anak niya yata, duda akong asawa.  Baka yung Den.  O baka siya mismo si Den.  Pilit na siyang pinababalik ng driver sa loob ng kotse.  Ako na'ng bahala dito mam.  Pero biglang lumapit sa akin si mam.

Napupuno na ang kalsada ng mga usisero.  May ilang lumalapit para makialam at magmarunong. May mga nanonood na rin mula sa mga balkonahe ng mga buildings.  Nakatingin lang ako sa

langit, sa araw na malapit nang magtago sa likod ng makapal at madilim na ulap. Hindi ko na marinig ang mga tanong ng mestisang babae sa pagitan ng kaka-ohmygod ohmygod niya. Nakaluhod siya sa harap ko, tinitingnan siguro kung kailangan na niyang magdasal sakaling dito ako malagutan ng hininga. Nakatitig lang ako sa kanya. Gising ang isip ko pero hindi ako makagalaw. ‘Yun bang parang gising na nananaginip. Parang may gusto akong gawin, nakikita ko siyang ginagawa ko sa isip ko, pero hindi magawa ng katawan ko.

Habang pinagpe-piyestahan ako dito sa gitna ng Ayala, at habang katabi ko ang mestisang babaeng ito, isang bagay lang ang sinasabi ko sa sarili ko:

*Magbabayad ‘ to. Magbabayad ‘to ng malaki.*

---